

## Magpapasimula ang Alberta ng Stage 1 sa Bukas para sa Plano ng Tag-init

Hunyo 01, 2021

---

Ang mga Albertans ay maaari ng magsaya sa mga panlabas na patio, pag-gupit sa buhok at higit pang mga pisikal na aktibidad habang patuloy na umaakyat ang mga antas ng pagbabakuna at bumababa ang mga pagpapa-ospital.

Ang Yugtong 1 na umabot sa punto ng 50 porsyento na mga Albertans na may edad 12-pataas na nakatanggap ng hindi bababa sa isang dosis ng bakuna ay nakamit noong Mayo 18. Sama-samang, pinababa ng mga Albertans ang mga kaso at pinananatiling mababa sa 800 ang pagpapa-ospital sa loob ng dalawang linggong paghihintay.

Ang mga hakbang sa yugtong 1 ay epektibo kaagad. Ito ay isang karagdagan sa pagpapaluwag ng mga limitasyon sa kapasidad para sa mga serbisyo sa pagsamba na nagsimula noong Mayo 28.

Patuloy na subaybayan ng mga opisyal ang pag-usad ng paglunsad ng bakuna ng Alberta habang binabantayan ng mabuti ang mga bilang sa pagpapa-ospital at pagkakahawa ng COVID-19 sa lalawigan.

**Yugtong 1: Dalawang linggo pagkatapos ng 50 porsyento ng mga Albertans na may edad 12-pataas ay nakatanggap na ng kahit isang dosis lamang ng bakuna at ang mga pagpapa-ospital ay mas mababa sa 800 at mananatiling bumababa.**

Simula Mayo 28:

- Ang limitasyon sa kapasidad para sa mga serbisyo sa pagsamba ay tumataas sa 15 porsyento ng pag-okupa ayon sa fire code.

Simula Hunyo 1:

- Panlabas na pagtitipong panlipunan, na may distansya, tumataas hanggang sa 10 katao.
  - Hindi pa rin pinapayagan ang mga panloob na pagtitipon.
- Maaaring magpatuloy ang panlabas na patio dining na may maximum na apat na tao bawat mesa.
  - Ang bawat isa sa hapag ay dapat na kasapi ng iisang sambahayan o para sa isang taong nakatira nang nag-iisa, ang mga pagdiriwang ng kainan ay limitado sa dalawang malapit na contact.
- Nalalapat pa rin ang paglayo ng pisikal at iba pang mga paghihigpit.
- Pinapayagan ang mga panlabas na pisikal, pagganap at paglilibang na aktibidad na may hanggang sa 10 distansya na mga tao, para sa lahat ng edad.
- Ang retail ay maaaring tumaas sa 15 porsyento ng pag-okupa ayon sa fire code (dapat panatilihin ang kakayahang dumistansya).

- Ang mga serbisyo sa personal na kalusugan ay maaaring muling magbukas, sa pamamagitan lamang ng appointment.
- Ang mga seremonya sa kasal ay maaaring magkaroon ng hanggang sa 10 mga tao, kasama na ang nangangasiwa, ikakasal, mga saksi at anumang mga litratista / videographer. Nanatiling ipinagbabawal ang mga pagtitipon.
- Ang mga seremonya sa libing ay maaaring magkaroon ng hanggang sa 20 katao, hindi kasama ang mga tauhan sa pasilidad, libing ng klero o mga organisador na hindi itinuturing na panauhin. Nanatiling ipinagbabawal ang mga pagtitipon.
- Ang mga pangangailangan sa pagdistansya at pagsuot ng mask ay mananatiling may bisa.

Batay sa kasalukuyang bilis ng pagbabakuna at pagbawas ng mga pagpapa-ospital, ang Yugtong 2 ay inaasahang magsisimula sa Hunyo 10, sa kondisyon na mananatiling masmababa ng 500 at bumababa ang mga pagpapa-ospital.

Inaasahan na magsisimula ang yugtong 3 sa huli ng Hunyo o simula ng Hulyo. Nakasalalay ito sa lahat ng mga Albertans na patuloy na mabakunahan at sumusunod sa mga hakbang sa kalusugan ng publiko na nakalaan.

Maaaring subaybayan ng mga Albertans ang progreso ng pagbabakuna ng lalawigan sa [alberta.ca](https://www.alberta.ca).

Ang pagkakahawa ng COVID-19 sa Probinsya ay magpapatuloy na masubaybayan sa muling buong pagbubukas. Kung kinakailangan, ang hakbang na muling pagbubukas ay maaaring ipahinto upang tumugon sa mga kasalukuyang pagkakahawa ng COVID-19 sa antas ng panrehiyon o panlalawigan.

Ang pagpanatili ng muling pagbubukas ay nakasalalay sa mga Albertans na ganap na nabakunahan ng dalawang dosis sa mga buwan ng tag-init upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa hinaharap.

Ang pamahalaan ng Alberta ay tumutugon sa pandemya ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagprotekta sa buhay at kabuhayan na may tumpak na mga hakbang upang mabaluktot ang kurba, mapanatili ang maliliit na negosyo at protektahan ang sistema ng pangangalaga ng kalusugan ng Alberta.

## Kaugnay na impormasyon

- [Alberta's Open for Summer Plan](#)

## Mga katanungan sa media

[Jerrica Goodwin](#)

587-988-3278

Kaliham ng Press, Opisina ng Premier

*Para sa higit pang mga mapagkukunang naisalin ng gobyerno, mangyaring bisitahin ang:*  
<https://www.alberta.ca/covid-19-translated-resources.aspx>.